# 2025 Kalendaryo ng Pagtatapon ng Basura

Inashiki 20th Anniversary

**Dalhin ang iyong basura sa loob ng itinalagang bag sa lugar ng pagkolekta bago mag-8:30 am sa araw ng pagkolekta.**

**Labag sa batas ang mag-iwan ng mga nare-recycle na kasama ng ibang basura!!**

## Inashiki City (Edosaki area)

- Ang bawat sambahayan ay maaaring magdala ng hanggang limang bag ng nasusunog na basura sa collection point bawat araw ng pagkolekta.
- Itali ang itinalagang bag at ilagay ito sa itinakdang lugar.

Nasusunog na basura | Mga bote, babasagin | Mga metal | Mga plastik na sisidlan at pakete | Mga papel na sisidlan at karton | Mga pahayagan, magasin, karton

**Abr**

| Lin | Lun | Mar | Miyer | Huw | Biy | Sab |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 |
| 13 | 14 | 15 | 16 | 17 | 18 | 19 |
| 20 | 21 | 22 | 23 | 24 | 25 | 26 |
| 27 | 28 | 29 | 30 | | | |

**MAYO**

| Lin | Lun | Mar | Miyer | Huw | Biy | Sab |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | 1 | 2 | 3 |
| 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 |
| 11 | 12 | 13 | 14 | 15 | 16 | 17 |
| 18 | 19 | 20 | 21 | 22 | 23 | 24 |
| 25 | 26 | 27 | 28 | 29 | 30 | 31 |

**Hun**

| Lin | Lun | Mar | Miyer | Huw | Biy | Sab |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 |
| 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 |
| 15 | 16 | 17 | 18 | 19 | 20 | 21 |
| 22 | 23 | 24 | 25 | 26 | 27 | 28 |
| 29 | 30 | | | | | |

**Hul**

| Lin | Lun | Mar | Miyer | Huw | Biy | Sab |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 |
| 13 | 14 | 15 | 16 | 17 | 18 | 19 |
| 20 | 21 | 22 | 23 | 24 | 25 | 26 |
| 27 | 28 | 29 | 30 | 31 | | |

**Ago**

| Lin | Lun | Mar | Miyer | Huw | Biy | Sab |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | 1 | 2 |
| 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 |
| 10 | 11 | 12 | 13 | 14 | 15 | 16 |
| 17 | 18 | 19 | 20 | 21 | 22 | 23 |
| 24/31 | 25 | 26 | 27 | 28 | 29 | 30 |

**Set**

| Lin | Lun | Mar | Miyer | Huw | Biy | Sab |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 |
| 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 |
| 14 | 15 | 16 | 17 | 18 | 19 | 20 |
| 21 | 22 | 23 | 24 | 25 | 26 | 27 |
| 28 | 29 | 30 | | | | |

**Okt**

| Lin | Lun | Mar | Miyer | Huw | Biy | Sab |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | 1 | 2 | 3 | 4 |
| 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 |
| 12 | 13 | 14 | 15 | 16 | 17 | 18 |
| 19 | 20 | 21 | 22 | 23 | 24 | 25 |
| 26 | 27 | 28 | 29 | 30 | 31 | |

**Nob**

| Lin | Lun | Mar | Miyer | Huw | Biy | Sab |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | 1 |
| 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 |
| 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 | 15 |
| 16 | 17 | 18 | 19 | 20 | 21 | 22 |
| 23/30 | 24 | 25 | 26 | 27 | 28 | 29 |

**Dis**

| Lin | Lun | Mar | Miyer | Huw | Biy | Sab |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 |
| 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 |
| 14 | 15 | 16 | 17 | 18 | 19 | 20 |
| 21 | 22 | 23 | 24 | 25 | 26 | 27 |
| 28 | 29 | 30 | 31 | | | |

**Ene**

| Lin | Lun | Mar | Miyer | Huw | Biy | Sab |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | 1 | 2 | 3 |
| 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 |
| 11 | 12 | 13 | 14 | 15 | 16 | 17 |
| 18 | 19 | 20 | 21 | 22 | 23 | 24 |
| 25 | 26 | 27 | 28 | 29 | 30 | 31 |

**Peb**

| Lin | Lun | Mar | Miyer | Huw | Biy | Sab |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 |
| 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 |
| 15 | 16 | 17 | 18 | 19 | 20 | 21 |
| 22 | 23 | 24 | 25 | 26 | 27 | 28 |

**Mar**

| Lin | Lun | Mar | Miyer | Huw | Biy | Sab |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 |
| 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 |
| 15 | 16 | 17 | 18 | 19 | 20 | 21 |
| 22 | 23 | 24 | 25 | 26 | 27 | 28 |
| 29 | 30 | 31 | | | | |

*Isasagawa sa Disyembre 29 (Lunes) ang bukod-tanging pagkolekta sa katapusan ng taon. *Dahil bakasyon sa simula ng taon ang Enero 1-3, sa susunod na linggo ang pagkolekta para sa unang linggo, kaya't mangyaring tandaan ang araw ng pagkolekta ng hindi nasusunog na basura.

## Kategorya / Mga halimbawang item / Paraan ng pagtatapon

### Nasusunog na basura

**Mga halimbawang item**

- Basurang pagkain / basurang papel, atbp.: Tirang pagkain, damo, tuyot na dahon
- Tela, basura na balat: Damit, mga sapatos, mga bag
- Kahoy, mga sanga: Pira-pirasong kahoy, maliliit na sanga, mga laruang gawa sa kahoy
- Mga produktong plastik: Mga CD case, Mga disposable lighter, Mga hanger / balde, atbp.
- Mga sisidlan na may mantsa: Mga sisidlan ng mayonnaise, atbp.




**Paraan ng pagtatapon**

- Alisin ang labis na likido sa mga basura ng kusina.
- Patigasin ang sobrang mantika o ipasipsip ito sa papel o tela.
- Ang maliliit na sanga ay dapat na hindi hihigit sa 50cm ang haba at 5cm ang kapal at nakatali sa mga bungkos kapag iniwan sa lugar ng pagkolekta. Gayunpaman, para magtapon ng higit sa limang bungkos nang sabay-sabay, pakidala ang mga ito sa isang collection center.
- Ang mga lampin ng papel ay dapat na tinanggalan na ng dumi bago itapon.
- Ang mga produktong plastik na walang recycle mark, tissue paper, toilet paper, at post na nagpapakita ng personal na impormasyon ay inuri bilang nasusunog na basura.

### Mga bote, babasagin

**Mga halimbawang item**

- Mga boteng walang laman: Mga bote ng alak, beer, soft drink
- Salamin: Mga tasa, sheet na salamin, espejo, mga fluorescent na bombilya, mga bombilya




**Paraan ng pagtatapon**

- Alisin ang mga takip sa mga boteng walang laman at banlawan ng tubig ang mga ito. (Ang mga takip ng metal at plastik ay dapat na paghiwalayin.)
- Ibalot sa pahayagan o sa kahalintulad nito ang mga basag na bagay tulad ng salamin kapag itinatapon ang mga ito upang maiwasan ang pinsala.

### Mga metal

**Mga halimbawang item**

- Mga latang walang laman: Mga lata ng soft drink, mga silindro ng gas para sa mga kalan, mga lata ng spray
- Maliliit na elektronikong pambahay: Mga rice cooker, telepono, hair dryer, toaster, atbp.
- Mga metal: Mga saucepan, takore, kutsilyo sa kusina, payong, kawali, mga dry cell na baterya, kaldero ng mainit na tubig/mainit na inumin (kabilang ang mga thermos flasks)
- Porselana at lutuang terakota: Maliit na mangkok, mga plato, mga palayok na terakota



**Paraan ng pagtatapon**


* **Mapanganib na butasan ang spray can.**

- Maaaring sumabog ang mga spray can at gas cylinder ng kalan na pang-tabletop, kaya laging tiyaking ganap na walang laman ang mga ito.
- Ibalot sa pahayagan o sa kahalintulad nito ang mga basag na bagay tulad ng mga blade kapag itinatapon ang mga ito upang maiwasan ang pinsala.
- Pakitiyak na walang laman ang mga lata at banlawan ng tubig ang mga ito.
- Ang ilang maliliit na gamit sa bahay ay maaari rin na itapon sa mga kahon sa ilang lugar ng pagkolekta.

### Mga plastik na sisidlan at pakete

**Mga halimbawang item**

Mga bote | Film | Mga tray | Mga pakete, tasa, atbp. | Mga takip | Polystyrene



**Paraan ng pagtatapon**


* **Ang item na pasok sa kategoryang ito ay minarkahan ng simbolong ito.**

- Ang mga bagay na ito ay dapat na walang laman, nabanlawan ng tubig at pagkatapos ay pinatuyo.
- Karaniwang kinokolekta sa mga lugar ng pagkolekta. Kinokolekta din ang mga PET na bote sa araw ng pagkolekta ng mga plastic na sisidlan at pakete. Tingnan ang seksiyon na "Mga PET na bote" para sa paraan ng pagtatapon.
- **Dapat tanggalin ang lahat na takip para sa kaligtasan (pati na ang mga takip PET na bote).**
- Itapon ang anumang produktong plastik na permanente o matindi ang mantsa at anumang mga produkto na gawa sa plastik pero hindi lalagyan o packaging bilang nasusunog na basura.

### Mga papel na sisidlan at karton

**Mga halimbawang item**

Mga kahon na papel | Pambalot na papel | Mga papel na baso | Mga papel na bag | Mga takip | Mga papel na karton, atbp.



**Paraan ng pagtatapon**

* 紙 紙パック **Ang item na pasok sa kategoryang ito ay minarkahan ng simbolong ito.**

- Alisin ang anumang nakakabit sa basurang plastik kung hindi ito papel. Kung hindi ito maalis, itapon ang bagay bilang nasusunog na basura.
- Ang mga produktong naproseso gamit ang aluminum (ang likod na bahagi ay kulay pilak) ay dapat na itapon bilang nasusunog na basura.
- Itapon ang anumang produktong papel na may matinding mantsa bilang nasusunog na basura.

### Mga pahayagan, magasin, karton

**Mga halimbawang item**

Mga pahayagan, Polyeto | Mga magasin | Cardboard



**Paraan ng pagtatapon**

- Itapon sa pamamagitan ng pagtiklop at paglagay sa mga bungkos na hindi hihigit sa 50cm ang haba o lapad at nakatali. (Maaari rin itapon ang mga pahayagan at polyeto sa loob ng mga paper bag mula sa mga delivery shop ng pahayagan.)
- Gawin na humigit-kumulang 30cm ang taas ng bawat bungkos.
- Ibungkos ang mga pahayagan (mga polyeto), magasin at karton nang hiwalay.
- Alisin ang mga plastik na pabalat ng aklat mula sa mga aklat.


### Mga PET na bote

* Kinokolekta sa ilang lugar ng pagkolekta.

Mga PET na bote na naglaman ng mga soft drink, toyo, mirin, alkohol, suka, sarsa, dressing, atbp.

PET — Ang item na pasok sa kategoryang ito ay minarkahan ng simbolong ito.

**Paraan ng pagtatapon**




Alisin ang takip at etiketa, banlawan ng tubig, pagkatapos ay durugin.

### Sobrang-laki na basura

* Dalhin nang direkta sa pasilidad ng pagkolekta ng basura.

Muwebles | Mga appliance sa tahanan | Kobre, carpet, atbp. | Mga gamit sa paglilibang | Mga binaklas na materyales ng bahay | Iba pang bagay



## Ang mga sumusunod na item ay hindi tinatanggap

- Abo
- Mga Fire extinguishers
- Mga brick
- Mga bagong materyales sa gusali (plasterboard, insulasyon, atbp.)
- Mga motorsiklo, gulong, baterya ng kotse
- Polystyrene (ginagamit sa industriya)
- Medikal na basura
- Basurang langis, pintura
- Mga kawad ng kuryente, mga kawad ng TV
- Mga plastic sheet para sa agrikultura
- Mga sisidlan ng propane gas
- Mga tile na pangbubong (kabilang ang bubong na gawa sa pawid)
- Mga lababo, banyera, inodoro
- Mga pang-industriya na refrigerator, vending machine
- Simento, mga cinder block
- Basura na naglalaman ng asbestos

*Silipin ang Waste Classification Guidebook o makipag-ugnayan sa amin para alamin ang tungkol sa mga item na hindi nakalista sa itaas na walang malinaw na kategoryang kinabibilangan.

## Pagdala ng nga item nang direkta sa pasilidad ng basura

(Paki-secure ang lahat na basura bago ito dalhin upang maiwasan ang anumang pagkalat.)

**Mga Oras**

◎ Lunes hanggang Biyernes/ Mula 8:40 am hanggang 4:30 pm (Maaaring magtanong anumang oras sa mga oras na ito)

◎ Sabado/ 8:40 ~ 11:30

*Hindi maaaring dalhin ang basura nang Sabado ng hapon, Linggo, pambansang holiday o mula ika-29 ng Disyembre hanggang ika-3 ng Enero.

**Mga paalala sa mga Pagtatanong**

◎ Ang isang pagtatanong ay dapat gawin para sa bawat basura.

◎ Kakailanganin ng pasilidad na kumpirmahin ang pinagmulan ng basura. Magdala ng mga dokumentong nagpapakilala sa taong nagdadala ng basura, kung saan nanggaling ang basura, atbp.

**Mga bayad sa pagproseso**

1. Mga bayad sa pagproseso ① Karaniwang basura ng sambahayan: 100 yen sa kada 10kg (libre ang 100kg bawat araw) ② Pang-industriya na basura: 200 yen sa kada 10kg
2. Mga gastos sa transportasyon: Mga espesyal na uri ng appliance sa bahay (mga TV, air conditioner, refrigerator, freezer, washing machine, dryer) 2,000 yen sa kada item

*Kailangan ang Electric Home Appliance Recycling ticket. (Maaari lamang tanggapin sa weekday)

**Iba pa**

◎ Makipag-ugnayan nang maaga sa collection center tungkol sa mga basura at bahagi ng mga gusali.

◎ May mga kaso na hindi kami makatatanggap ng basura na mahirap iproseso nang wasto.

◎ Mangyaring gamitin ang mga collection point hangga't maaari.

## Gamitin ang mga aktibidad sa pagkolekta ng mga nare-recycle ng mga lokal na grupo!

◎ Nagrerehistro sa lungsod ang mga grupo ng mga bata at iba pang lokal na grupo at hiwalay na kumokolekta ng mga basurang bahay na nare-recycle.

◎ Ginagawaran ng mga subsidy ang mga grupong ito batay sa dami ng materyales na nakokolekta nila.

**Sanitation and Civil Engineering Association ng Edosaki District**

■ 424 Takada, Inashiki-shi, Ibaraki-ken

☎029 (892) 2841

https://eiseidoboku.or.jp/

*Ang incineration facility ay pinapatakbo ng Sunviro Edosaki Co., Ltd. at ito ay nakagagawa ng kuryente mula sa basura.

Pinagmulan ng ilustrasyon: Ministry of Economy, Trade and Industry